



## Nawalan ako ng trabaho. May utang pa ba sa akin ang aking tagapag-empleyo? May utang ba ako sa kanila?

---

❖ Basahin lamang ito kung nakatira ka sa estado ng Washington.

---

### Dapat ka bang basahin ito?

---

❖ Ang ilang mga empleyado ay “natanggal sa trabaho.” Ang iba ay “natapos na,” “nagwakas,” o “natanggal.”

---

Tutulungan ka nitong maunawaan

- kung may utang sa iyo ang iyong tagapag-empleyo
- kung may utang ka sa iyong tagapag-empleyo
- paano igiit ang iyong mga karapatan

### Nawalan ako ng trabaho. Ano ang una kong dapat na gawin?

**Alamin kung bakit ka nila pinakawalan.** Para malaman kung bakit, magpadala ka sa tagapag-empleyo mo ng isang hiling na may petsa at nakasulat mula sa isang sertipikadong meil. Ayon sa batas, dapat sumagot ng iyong tagapag-empleyo sa loob ng 10 araw na may sulat na naglalaman ng dahilan kung bakit ka pinakawalan.

**Kumausap ng abogado,** kung kaya mo.

**Umaksyon ng mabilisan.** Maraming batas sa pagtatrabaho ang may mga limitasyon sa oras. Tinatawag namin itong “batas ng limitasyon.” Ang iba ay kasing igsi ng ilang buwan lamang pagkatapos mong mawalan ng trabaho. Kung hindi mo aaksyunan kaagad, ang batas na iyon ay hindi ka na mapoprotektahan.

---

❖ Isang abogado ang makakatulong sa iyo upang malaman mo kung anong takdang oras ang nararapat sa iyo.

---

## May utang ba sa akin ang aking tagapag-empleyo?

**Maaari.** Baka may utang sila sa iyo:

**Isang huling sahod** - Dapat kang bayaran kaagad ng iyong tagapag-empleyo sa lahat ng sahod na hindi pa bayad, kasama na ang mga obertaym. Ito ay dahil sa iyong regular na nakaiskedyul na araw ng suweldo. Nakasalalay sa kanilang mga patakaran, maaari kang mabigyan ng bakasyon at mabayaran ang iyong pagleave ng dahil sa sakit na naipon mo habang ikaw ay nagtatrabaho rito. Maaaring ilegal ang pagbawas ng employer mo ng utang mo sa kanya sa huling pasahod mo.

**COBRA** - Kung kasali ka sa planong medical ng iyong tagapag-empleyo, ang pederal COBRA Act sa pangkalahatan ay pinapayagan kang mapanatili ang saklaw na iyon ng hindi bababa sa labing walong buwan. Dapat sabihin sa iyo ng tagapag-empleyo ang tungkol sa pagpipiliang ito. Dapat mong piliing mapanatili ang saklaw sa ilalim ng COBRA sa loob ng 60 araw mula sa pagkawala ng iyong trabaho. Sa kabuuan babayaran mo ang buong gastos ng premium, kasama ang dalawang porsyento.

- 
- ❖ Makipag-ugnay kaagad sa iyong employer kung hindi mo makuha ang kailangan mong i-sign up para sa saklaw ng COBRA kapag nawalan ka ng trabaho. Dapat mong matugunan ang mga kinakailangang oras na itinakda ng COBRA **at** planong medikal ng tagapag-empleyo.
- 

**HIPAA** - Kung nakilahok ka sa planong medikal ng tagapag-empleyo, nakasaad sa plano na ikaw ay mabibigyan ng sertipiko ng pagkakaseguridad ng kalusugan kapag natapos na ang iyong trabaho. Maaaring kailanganin mo ang sertipiko na ito kapag nagsimula ka ng isang bagong trabaho, upang maiwasan ang mga paghihigpit sa benepisyong sa kalusugan doon. Hilingin kaagad ang sertipiko na ito pagkatapos mawala ang saklaw sa ilalim ng lumang plano, kapag natapos ang iyong saklaw sa COBRA, o kapag nagsimula ka ng isang bagong trabaho.

**Bayad sa Benepisyong** - Kung nakakuha ka ng pangangalagang medikal habang nagtatrabaho, at sakop ng plano ng medikal ng iyong tagapag-empleyo, dapat kang bayaran ng plano kahit na wala ka nang trabaho. Sundin ang pamamaraan ng plano ng may pag-iingat. Dapat mong i-apela ang anumang hindi nabayarang benepisyong agad-agad. Ang iyong paglalarawan ng buod ng plano ay dapat makatulong sa iyo na maunawaan ang iyong mga karapatan na nakasaad sa plano. Kung wala kang isang kopya ng buod ng deskripsyon ng plano, tanungin kaagad ang departamento ng HR para sa isang kopya.

**Severance Pay** - Ang employer ay maaaring nagkaroon ng isang programa para sa severance pay. Suriin ang iyong kasunduan sa trabaho, manwal ng empleyado o mga materyales sa patakaran ng employer.

**Benepisyo sa pagreretiro** - Kung nakilahok ka sa mga plano sa pagreretiro ng employer, karaniwang pinapanatili mo ang ilang mga karapatan sa ilalim ng mga planong iyon pagkatapos ng terminasyon. Suriin ang iyong paglalarawan sa plano ng buod o makipag-ugnay sa departamento ng HR.

**Obligasyong kontraktwal** - Kung mayroon kang isang kasunduan sa trabaho, maaari ka nitong mabigyan ng ilang mga karapatan pagkatapos ng iyong terminasyon. Basahin ito ng mabuti. Tiyaking binibigyan ka ng tagapag-empleyo ng lahat ng sinasabi ng kasunduan. Pagisipan na kumausap ng isang abogado.

**Mga sanggunian** - Sa batas, ang iyong taga-empleyo ay maaaring hindi magsabi na ikaw ay hindi totoo at maaaring magdulot ng kapahamakan. Karaniwan itong maaaring hindi makaapekto sa paghahanap mo ng trabaho. Karaniwan ang mga taga-empleyo **ay kayang** magbahagi **makatotohanang** impormasyon patungkol sayo kapag ikaw ay nagtanong ng sanggunian.

## May utang ba ako sa aking taga-empleyo?

**Maaari.** Nakadepende ito sa napagkasunduan ninyo o sa polisiya ng taga-empleyo. Maaari kang mangutang –

- matagal na panahon bago ka kumuha ng isang bagong trabaho na may kakumpitensya, kung nag-sign ka ng isang kasunduang hindi kumpetisyon sa iyong dating pinagtatrabahuan;
- pag-aari o kagamitan na ibinigay ng employer para sa iyong trabaho;
- Iba pang mga konsiderasyon na maaaring lumitaw sa iyong kontrata.

**Hindi mo** kailangang bitawan ang iyong karapatan para kasuhan ang iyong employer para sa maling pagterminasyon. Kung nag-aalok sa iyo ang taga-empleyo ng dagdag na mga benepisyo o severance pay kapalit ng isang “Paglabas ng Mga pag-angkin,” hindi mo kailangang pumirma.

**Pag-iwas sa Karagdagang Pinsala:** Kung balak mong maghabol para sa iligal na pagwawakas, maaari mong patunayan na naghahanap ka para sa isang bagong trabaho. Gumawa ng mga kopya ng mga résumé na iyong ipinadala. Itago ang isang listahan ng mga lugar na inaplayan mo. Nang walang katibayan, ang korte ay maaaring magbigay sa iyo ng mas kaunti.

## Papaano ko ipapatupad ang aking mga Karapatan?

Kung naniniwala kang nilabag ng iyong tagapag-empleyo ang iyong mga karapatan o iligal na binitawan ka, maaaring kailangan mong gawin ang mga ito:

**Arbitrasyon.** Ang isang walang kinikilingan ikatlong-partido ay gagawa ng isang desisyon sa halip na ang korte. Ang patakaran ng taga-empleyo o ang iyong kasunduan sa trabaho ay maaaring mangailangan ng arbitrasyon.

- 
- ❖ Ang ilang mga uri ng mga sugnay na arbitrasyon ay hindi maipapatupad (hindi ka nila magagawa na gawin mo ito) sa Washington. Makipag-ugnayan sa isang abogado. Alamin kung kailangan mo, o dapat, i-arbitrate ang iyong mga isyu sa terminasyon.
- 

**Isang pamamaraan ng hinaing,** kung mayroong isang sama-samang kasunduan sa transakyon. Makipag-usap kaagad sa isang kinatawan ng unyon. Sundin ang pamamaraan upang maiwasan ang pagkawala ng iyong mga karapatan. Siguraduhin mong naiintindihan mo ito.

**Kung ang iyong pag-angkin ay nagsasangkot ng iligal na diskriminasyon,** maaari kang mag-demanda sa korte ng estado habang pwede kang mag-file ng mga reklamo sa mga ahensya ng gobyerno ng estado o federal.

Maaaring makatulong ang mga ahensya na ito:

- ang [Washington State Human Rights Commission](#)
- ang [United States Equal Employment Opportunity Commission](#) (“EEOC”)

- 
- ❖ **May mga limitasyon sa oras para sa pag-uulat ng diskriminasyon,** kapag nawalan ka ng trabaho. Makipag-usap kaagad sa isang abugado.
- 

## Dapat ba akong makipag-usap sa isang abugado?

**Maaari.** Kahit na hindi ka mag-sampa ng demanda, dapat kang makipag-usap sa isang abugado sa trabaho. Tutulungan ka nitong maunawaan ang iyong mga karapatan.

**Kung hindi ka nakakakuha ng impormasyon na kailangan mo mula sa employer,** humingi ng tulong sa abugado. Pagkatapos ang employer ay maaaring makipagtulungan.

**Makipag-usap sa isang abugado kung sa palagay mo ang employer ay nagbibigay ng hindi tama o hindi totoong impormasyon.** Ang isang taga-empleyo ay maaaring magkunwari na papakawalan ka para sa isang dahilan. Ngunit pinapabayaan ka talaga nila para maghanap ng iba. Nang walang tulong ng isang abugado, maaaring mahirap malaman ang totoo kung nilabag ba ng iyong tagapag-empleyo ang iyong mga karapatan sa ligal nang pakawalan ka nito.

## **Paano ako makakahanap ng abogado?**

Ang ilang mga lokal na asosasyon ng bar ay nagmumungkahi ng abugado. [Paano makahanap ng isang Abugado](#) ay maaaring makatulong.

## **Saan ako matututo nang higit pa?**

**COBRA health insurance** - U.S. Department of Labor: Administrasyong Tagapangasiwa ng Benepisyo ng Empleyado: [dol.gov/general/topic/health-plans/cobra](https://dol.gov/general/topic/health-plans/cobra)

**Unemployment Benefits** - [WashingtonLawHelp.org](https://www.washingtonlawhelp.org) may mga nai-print na mapagkukunan at bidyo. Pindutin ang “Work/farmworker rights,” pagkatapos ay sa “unemployment benefits.”

Kagawaran ng Seguridad sa Trabaho sa Estado ng Washington: [esd.wa.gov](https://esd.wa.gov)

## **Pagkuha ng iyong huling sweldo:**

- Ang Kagawaran ng Paggawa at Mga Industriya ng Estado ng Washington na Bahagi ng Sahod at Oras, (360) 902-5316; 1-866-219-7321; [lni.wa.gov](https://lni.wa.gov)
- Komite sa Depensa ng Mga Manggagawa ng Casa Latina para sa mga manggagawa sa King County na mababa ang kita, (206) 686-2613 o (206) 816-5824, lunes hanggang byernes 10 am – 6 pm

---

❖ Ang Legal Voice ay may higit pa sa mga isyu sa trabaho sa [legalvoice.org/tools-employment](https://legalvoice.org/tools-employment).

---

## Humingi ng Tulong na Pambatas

- **Mag-apply online** sa [CLEAR\\*Online](https://nwjustice.org/apply-online) - [nwjustice.org/apply-online](https://nwjustice.org/apply-online)
- **Nakaharap sa isang ligal na isyu sa King County** (maliban sa Pagpapatalsik o Foreclosure)? Tumawag sa 2-1-1 (o libreng toll 1-877-211-9274) lunes hanggang byernes 8:00 am - 6:00 pm. Irerekomenda ka nila sa isang tagapagkaloob ng tulong na pambatas.
- **Nakaharap sa isang ligal na isyu sa labas ng King County** (maliban sa Pagpapatalsik o Foreclosure)? Tumawag sa telepono ng CLEAR sa 1-888-201-1014 lunes hanggang byernes sa pagitan ng 9:15 am - 12:15 pm o mag-apply online sa [nwjustice.org/apply-online](https://nwjustice.org/apply-online).
- **Nahaharap sa Pagpapaalis?** Tumawag sa 1-855-657-8387.
- **Haharap sa Pagkaremata?** Tumawag sa 1-800-606-4819.

- 
- ❖ [Proyekto sa Batas sa Kawalan ng Trabaho](#) nagbibigay ng ligal na representasyon sa mga pagdinig na pang-administratibo na hinahamon ang iyong karapatan na makakuha ng mga benepisyo sa kawalan ng trabaho. Maaari silang payuhan sa anumang yugto ng proseso ng pag-apela. Tumawag sa kanila sa (206) 441-9178 o 1-888-441-9178.
- 

***Malugod na kinikilala ng Northwest Justice Project ang gawain ng Legal Voice, na ang orihinal na publikasyon na higit na iniakma namin rito.***

---

Nagbibigay ang publication na ito ng pangkalahatang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan at responsibilidad. Ito ay hindi nilalayong gawing panghalili sa ispesipikong payong pambatas.

© 2021 Northwest Justice Project — 1-888-201-1014

(Pahintulot para sa pagkopya at pamamahagi na ipinagkaloob sa Alyansa ng Estado ng Washington para sa Pantay na Hustisya at sa mga indibidwal para sa mga layuning hindi pang-komersyo lamang.)